# Pangkaraniwan na Pamamaraan sa Programa ng mga Batang Otismo

**Tuwing nakikipag ganting galaw sa bata:**

1. Umupo sa harapan at lebel sa tingin ng bata.

2. Kalabitin ang braso ng bata paminsan minsan para maibalik ang atensyon.

3. Sabihin ang pangalan ng bata paminsan-minsan habang kasalukuyang gumagawa.

4. Gumamit ng 2-3 salitang pangungusap at isentro ang atensyon sa mga mahahalagang salita.
   Halimbawa: "Ahmed, gulong bola"

5. Ipagpatulog ang pagpuri, pangalanan ang mga aktibidades ng bata (at ang iba pang bata sa kanyang paligid)

6. Maging positibo. Ipagdiinan ang kanyang kakayahan at bigyan ng halaga ang kanyang nagawa.
   Halimbawa: "Gevon, magaling sa "puzzle".

7. Pasiglahin ang pakikipag-usap ng bata sa pagbanggit ulit ng kanyang sinabi at sundan pa ito.
   Halimbawa: bata: "kot andar"
   matanda: "kotse andar"
   matanda: "Pulang kotse andar"

8. Kapag patuloy na unuulit-ulit ng bata ang iyong sinasadi, (loro / nanggagaya) ito ay tinatawag na "echolalic speech or echolalia" sa tagalog ay alingawngaw.
   Halimbawa: matanda: "Gusto mo pa ba ng inumin?"
   bata: "Gusto mo pa ba ng inumin?"

   a) Gumamit ng simpleng parirala na ankop sa tunog kapag inulit.
      Halimbawa: matanda: "Gusto mo ng inumin?"
      bata: "Gusto mo ng inumin?"
   b) Huwag pansinin ang naantalang "echolalia".

9. Magpalabis sa arte ng mukha (palakihin ang mata, itaas ang kilay)

10. Gumamit ng senyas ng katawan (pagturo, kumpas ng kamay)

11. Gumamit ng mga bagay o larawan, kung may nakahanda.

12. Magsaya.